

Mga Retail at Wholesale na Gasolinahan

Ang *Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego* ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga kanal. *Ang mga tip na ito sa mga negosyong retail at wholesale na gasolinahan ay makakatulong para panatilihin malinis ang ating mga daanan ng tubig.*

- ❑ Magkarga ng gasolina sa lugar na permanenteng natatakpan.
- ❑ Protektahan at takpan ang lahat ng mga inlet ng kanal na malapit sa lugar na pinaggagasolinahan.
- ❑ Regular na alisin ang mga naipong langis, gasolina at grasa.
- ❑ Gumamit ng mga tuyong paraan ng paglilinis tulad ng pagwawalis, pagpupunas, pagva-vacuum o pagkalaykay hangga't maaari.
- ❑ Gawin ang mga pag-aayos ng sasakyan sa loob ng pasilidad hangga't maaari. Takpan ang mga lugar na pinagtatrabahuhan na nasa labas para maiwasan na malantad sa tubig-ulan.
- ❑ Huwag gumamit kailanman ng pang-alis ng grasa sa makina maliban na lamang kung ang inyong pasilidad ay may maayos na kagamitan para ipunin ang lahat ng mga likido at latak. Maayos na itapon ang mga basura sa pag-aalis ng grasa bilang mga mapanganib na basura.
- ❑ Kumuha ng lahat ng mga kinakailangang permit para sa paggamit ng mga underground na taguang tangke at kagamitan.

! Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng kanal o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. *Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.*

maaari nating
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

sa kaunting
hakbang lang.

salamat sa paggawa
ng inyong bahagi para
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa **(888) 846-0800** o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.